

**Tala: 1**

Peptic Ulcer(includes abstract) Wood D; Mahnke D; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, January 2009; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010018113

Abstract: Ang peptic ulcer ay isang sugat sa panloob na balat ng sikmura o unang bahagi ng maliit na bituka (tinatawag na duodenum). Ang mga ulcer sa sikmura ay madalas na tinatawag na gastric ulcers . Ang mga ulcer sa duodenum ay tinatawag na duodenal ulcers .

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

**Peptic Ulcer**


**(PUD; Gastric Ulcer; Duodenal Ulcer; Ulcer, Peptic; Ulcer, Gastric; Ulcer, Duodenal)**

ni: Debra Wood, RN

[\[View English Version\]](#)

**Kahulugan**

Ang peptic ulcer ay isang sugat sa panloob na balat ng sikmura o unang bahagi ng maliit na bituka (tinatawag na duodenum). Ang mga ulcer sa sikmura ay madalas na tinatawag na gastric ulcers . Ang mga ulcer sa duodenum ay tinatawag na duodenal ulcers .

**Gastric Ulcer**

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

**Mga Sanhi**

Karamihan sa mga peptic ulcer ay dulot ng bacterium *Helicobacter pylori* (*H pylori*) o paggamit ng nonsteroidal anti-inflammatory drugs (NSAIDs). Gayunpaman, hindi lahat ng mga taong may *H pylori* at mga taong umiinom ng NSAIDs ay nagkakaroon ng mga ulcer.

Ang anumang sumisira sa balanse ng asido sa sikmura at mga digestive juice ay maaaring magdulot ng ulcer, gaya ng:

- *H pylori* bacteria
- NSAIDs, na humahadlang sa kakayahan ng katawang protektahan ang panloob na balat ng sikmura
- Mga karamdamang sanhi ng pagtaas ng paggawa ng asido, gaya ng Zollinger-Ellison syndrome

Kasama sa mga bihirang sanhi ang radiation therapy , mga impeksiyon dahil sa bacteria o virus, pang-aabuso ng alak , pinsala, at malubhang stress gaya ng operasyon, trauma , pinsala sa ulo, shock , o mga pagkapaso .

### Mga Nagbibigay Panganib

Ang nagbibigay panganib ay isang bagay na nagpapataas ng iyong tsansang magkaroon ng sakit o kondisyon.

Kasama sa mga nagbibigay panganib sa ulcer mula sa impeksiyon ng *H pylori* ang:

- Edad: 60 o mas matanda
- Kasarian: lalaki
- Lahi: Itim at Espanyol
- Grupo sa mababang antas ng lipunan-ekonomiya
- Pamumuhay sa siksikan at maruming kapaligiran
- Paninigarilyo
- Kasaysayan sa pamilya ng sakit na ulcer
- Dugong Type O

Kasama sa mga nagbibigay panganib sa ulcer mula sa mga gamot kontra-sa-pamamaga ang:

- Edad: 60 o mas matanda
- Kasarian: lalaki
- Kasaysayan ng problema sa sikmura mula sa NSAIDs
- Dati nang sakit na peptic ulcer
- Paninigarilyo
- Pang-aabuso ng alak

### Sintomas

Ang mga peptic ulcer ay hindi laging nagdudulot ng mga sintomas. Maaaring sumulpot at mawala ang mga sintomas. Maaaring palalain ng pagkain ang kirot ng gastric ulcer, ngunit karaniwang naiibsan ng pagkain ang kirot ng duodenal ulcer.

Kasama sa mga sintomas ang:

- Kumakagat na kirot
  - Maaaring gisingin kayo mula sa pagkakatulog
  - Maaaring magbago kapag kakain kayo
  - Maaaring magtagal nang ilang minuto o ilang oras
  - Pakiramdam na parang di-karaniwang malakas na pagkalam ng sikmura
- Pagduduwal
- Pagsusuka
- Kawalan ng ganang kumain
- Pamamaga
- Pagdighay


Maaaring magdulot ang mga ulcer ng mga seryosong problema at malubhang pananakit ng tiyan. Kasama sa mga problema ang:

- Pagdurugo, na maaaring mangyari na walang kasamang ibang mga sintomas
  - Kasama sa mga sintomas ng pagdurugo ang:
    - Maitim, parang alkitran na dumi
    - Pagsusuka ng parang giniling na kape
    - Panghihina
    - Pagkahilo
    - Kakulangan sa dugo
- Pagkabutas ng dingding ng sikmura o duodenum (tinatawag na nabutasang ulcer)
  - Ang biglaan at malubhang kirot ay karaniwang sintomas ng nabutasang ulcer.
- Peklat na nagpapakipot at sa kalaunan ay nagsasara sa lagusan ng sikmura patungo sa mga bituka
  - Binabarahan nito ang pagkain sa pagdaan sa digestive system. Kasama sa mga sintomas ng

pagbabara ng peklat ang:

- Pagsusuka
- Pagbaba ng timbang
- Matinding pananakit

### Duodenal Ulcer



### Pagsuri

Magtatanong ang doktor tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal, at magsasagawa ng eksaminasyong pisikal. Sabihin sa iyong doktor ang tungkol sa lahat ng mga gamot na iniinom mo.

Kasama sa mga pagsusuri ang:

- Pagsusuri sa puwet at stool guaiac test —upang suriin para sa nakatagong dugo
- Pagsusuri sa dugo o pagsusuri sa hininga—upang malaman kung may impeksiyon ng *H pylori*
  - Maaari din tingnan sa pagsusuri sa dugo ang dami ng gastrin kung hinihinala ang Zollinger-Ellison syndrome.
- Upper GI series —isang serye ng mga x-ray sa itaas na bahagi ng digestive system na ginagawa pagkatapos uminom ng barium solution
- Endoscopy—ipinapasok ang isang manipis, may ilaw na tubo sa lalamunan upang makita ang loob ng digestive tract
  - Habang ginagawa ito, kukuha ang doktor ng mga tissue sample upang suriin para sa impeksiyon ng *H pylori* o para sa cancer. Nakakatulong rin ang endoscopy upang alisin sa pagdududa ang ibang mga seryosong sanhi ng mga sintomas sa sikmura at bituka.

### Paggamot

Layunin ng paggamot ang tanggalin ang pinagmumulan ng problema at gamutin ang ulcer. Maaaring mas matagal gumaling ang mga gastric ulcer kaysa mga duodenal ulcer.

Kasama sa mga paggamot ang:

### **Gamot**

Hinahadlangan o pinapababa ng ilang mga gamot ang paggawa ng asido. Ang ilan ay binabalot ang ulcer upang protektahan ito. Kung *H pylori* ang sanhi ng ulcer, kakailanganin mong uminom ng kumbinasyon ng mga gamot upang patayin ang bacteria. Karaniwan itong binubuo ng mga antibiotic at isang proton-pump inhibitor. Napakahalaga na inumin ang mga gamot na ito ayon sa ibinilin. Maaaring magbilin ang doktor ng mga pagsusuri 6-12 na buwan pagkatapos ng paggamot upang malaman kung natanggal na ang bacteria.

Maaaring kasama sa mga gamot ang:

- Mga antacid—hindi nila ginagamot ang mga ulcer, ngunit maaaring magbigay ng ginhawa mula sa heartburn
- Mga antibiotic ( amoxicillin , tetracycline , at clarithromycin )
- Gamot na naglalaman-ng-bismuth (Pepto-Bismol)
- Mga proton pump inhibitor—upang bawasan ang paggawa ng asido sa sikmura ( omeprazole , lansoprazole )
- H<sub>2</sub> blockers—upang bawasan ang paggawa ng asido sa sikmura ( famotidine , ranitidine , cimetidine , nizatidine )
- Mga gamot upang balutin ang ulcer ( sucralfate )
- Mga gamot upang protektahan ang sikmura laban sa pinsala ng NSAID ( misoprostol )

## Mga Pagbabago sa Pamumuhay

- Kung naninigarilyo ka, itigil ito . Nakakasagabal ang paninigarilyo sa paggaling ng ulcer.
- Huwag uminom ng mga inuming may alak.
- Iwasan ang mga NSAID, kabilang ang mga gamot na di-nangangailangan ng reseta gaya ng aspirin at ibuprofen .
- Kung pinapalala ng mga maaanghang o mamantikang pagkain ang mga sintomas, maaari mong itigil pansamantala ang pagkain sa mga ito. Tandaan na hindi sila ang sanhi ng ulcer at marahil ay hindi apektuhan ang paggaling ng ulcer.
- Kung pinapalala ng stress ang kirot ng ulcer, pag-aralan at sanaying gawin ang mga paraang pangangasiwa sa stress .

## Operasyon at Endoscopy

Maaaring kailangan mo ng operasyon kung mayroon kang pagdurugo, butas, o pagbabara. Kasama sa mga pagpipiliang operasyon ang:

- Endoscopy—Maaaring gawin ito upang maampat ang pagdurugo. Sa prosesong ito, ipinapasok ang isang manipis, may ilaw na tubo sa lalamunan patungo sa sikmura o bituka. Pagkatapos, maaaring ilapat ang init, kuryente, epinephrine, o bagay na tinatawag na "fibrin glue" sa nagdurugong bahagi upang maampat ang daloy ng dugo.
- Vagotomy at drainage—Ang vagotomy ay ang pagputol sa mga sanga ng vagus nerve. Babawasan ng pagputol sa vagus nerve ang paggawa ng asido. Gayunpaman, ang pagputol sa buong nerve ay maaaring makaabala sa kakayahan ng sikmura na tanggalin ang mga laman nito. Samakatuwid, dapat magawa ang drainage. Maaaring gawin ang drainage gamit ang isa sa mga sumusunod:
  - Pyloroplasty —Pagpapalawak sa lagusan sa pagitan ng sikmura at duodenum, hinahayaang madaling dumaloy ang mga laman ng sikmura patungo sa bituka
  - Gastroduodenostomy—Paggawa ng bagong lagusan upang pagdugtungin ang sikmura at duodenum
  - Gastrojejunostomy—Paggawa ng bagong lagusan upang pagdugtungin ang sikmura at jejunum (ang pangalawang bahagi ng maliit na bituka)
- Highly elective vagotomy—Isa itong paraan na pumuputol sa isang bahagi lamang ng vagus nerve. Hindi nangangailangan ang operasyong ito ng karagdagang drainage.
- Vagotomy na may antrectomy—Sangkot dito ang pagputol sa vagus nerve kasama ang pagtanggap sa ibabang bahagi ng sikmura (antrum). Gumagawa ang antrum ng kemikal na tumutulong sa paggawa ng asido. Kung wala ang kemikal na iyon, bumababa ang paggawa ng asido.

### Pag-iwas

Upang mabawasan ang panganib sa ulcer mula sa impeksiyon ng *H pylori* :

- Hugasan ang iyong mga kamay pagkatapos gumamit ng banyo at bago kumain o maghanda ng pagkain.
- Uminom ng tubig mula sa ligtas na pinagmulan.

- Huwag manigarilyo . Pinapataas ng paninigarilyo ang mga tsansang magkaroon ng ulcer.

Upang mabawasan ang panganib sa ulcer mula sa mga NSAID:

- Gumamit ng ibang mga gamot kung maaari upang makayanan ang pananakit.
- Inumin ang maaaring pinakamababang dosis.
- Huwag uminom ng mga gamot nang mas matagal kaysa kailangan.
- Huwag uminom ng alak habang umiinom ng mga gamot.
- Tanungin ang iyong doktor tungkol sa paglipat sa mas bagong NSAID na mas malamang na hindi magdudulot ng mga ulcer, o tungkol sa pag-inom ng ibang mga gamot upang protektahan ang panloob na balat ng iyong sikmura o bituka.
- Huwag manigarilyo. Pinapataas ng paninigarilyo ang mga tsansang magkaroon ng ulcer.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. January 2009

**Numero ng Item:** 2010018113